



MGA MADALAS ITANONG (FAQ) NG NANGUNGUPAHAN

May problema sa pagbabayad ng upa at/o mga utilidad? Narito kami para tumulong.

Nasa ibaba ang mga madalas itanong tungkol sa programang Pang-emergency na Tulong sa Upa Kaugnay ng COVID-19 (COVID-19 Emergency Rental Assistance) ng Cook County. Maaaring paminsan-minsang i-update ang mga ito para sagutin ang mga karagdagang tanong, para magbigay ng mga paglilinaw o pagtatama, at para magsama ng karagdagang impormasyon bilang bagong patnubay.

Pangkalahatang-ideya ng Programa

Ano ang Programang Pang-emergency na Tulong sa Upa ng Cook County?

Ang Programang Pang-emergency na Tulong sa Upa ng Cook County ay nagbibigay ng tulong para sa upa, mga utilidad, at iba pang gastusing may kaugnayan sa pabahay sa mga nangungupahan sa suburb sa Cook County at kanilang mga landlord na nakaranas ng mga pinansiyal na paghihirap sa panahon ng pandemyang COVID-19. Maaaring mag-apply para sa tulong ang mga nangungupahan at landlord.

Kailan magsisimula ang programa at kailan ang huling araw para makapag-apply ako?

Magsisimulang tumanggap ang programa ng mga aplikasyon sa Lunes, Oktubre 4, 2021 at mananatili itong bukas hanggang Biyernes, Oktubre 29, 2021.

Anong pinansiyal na tulong ang ibinibigay sa pamamagitan ng programa?

Maaaring mag-apply ang mga kwalipikadong aplikante para sa tulong sa alinman sa mga sumusunod na gastos:

- Hanggang sa 18 buwan ng kabuuang tulong
- Hanggang sa 3 buwan ng mga gastos sa upa sa hinaharap, kahit mayroong anumang upa na lampa na sa takdang petsa na dapat bayaran
- Hanggang sa 18 buwan ng mga gastusin sa kuryente at gas na nakaligtaang bayaran o sa kasalukuyan at hinaharap
- Iba pang gastusing may kaugnayan sa pabahay kasama ang mga gastusin sa relokasyon, panseguridad na deposito, bayad sa nahuling pagbayad, at



pansamantalang solusyon sa pabahay (hindi kumpleto ang listahang ito - maaaring sagutin ng call center ang mga tanong tungkol dito, at magsasagawa ng pagdinig ang county ayon sa partikular na kaso)

Kung dati ka nang nakatanggap ng tulong sa upa mula sa Programang Pang-emergency na Tulong sa Upa ng Cook County, maaari ka pa ring mag-apply para sa karagdagang tulong; gayunman, 3 buwan lang ng tulong sa hinaharap ang maaaring ibayad sa isang pagkakataon at maaari ka lang makatanggap ng 18 buwan ng pinansiyal na tulong sa pagitan ng parehong siklo ng Programang Pang-emergency na Tulong.

Kung nahuhuli ka sa pagbayad ng upa, tutugunan muna ng Cook County ang upa na lampas na sa takdang petsa na dapat bayaran bago magbigay ng tulong para sa mga pagbabayad ng upa sa hinaharap.

Kwalipikasyon

Sino ang kwalipikadong tumanggap ng tulong?

Para maging kwalipikado ka para sa tulong, dapat matugunan ang mga sumusunod na pamantayan:

- Ang iyong sambahayan ay nasa loob ng suburb sa Cook County. Maaaring mag-apply ang mga landlord sa ngalan ng mga nangungupahan.
- Nakaranas ang isa o higit pang indibidwal sa loob ng iyong sambahayan ng pinansiyal na paghihirap sa panahon ng pandemyang COVID-19
- Ang iyong sambahayan ay may obligasyon sa kasalukuyan o hinaharap na magbayad ng upa, mga utilidad, at/o iba pang gastusing may kaugnayan sa pabahay
- Dapat na nagpapakita ang isa o higit pang indibidwal sa loob ng iyong sambahayan ng panganib na makaranas ng kawalan ng tirahan o kawalan ng tiyak na pabahay
- Kulang ang access ng iyong sambahayan sa ibang suporta para saklawin ang parehong mga gastusin (hal., makatanggap ng tulong sa upa mula sa iba pang programa sa parehong saklaw ng panahon)
- Ang taunang kita ng iyong sambahayan ay nasa o mas mababa sa mga kinakailangang ito:

Laki ng sambahayan	1	2	3	4	5	6	7	8
Kita	\$52,200	\$59,650	\$67,100	\$74,550	\$80,550	\$86,500	\$92,450	\$98,450



Ano ang itinuturing bilang pinansiyal na paghihirap na may kaugnayan sa COVID-19?

Kasama sa mga pinansiyal na paghihirap na may kaugnayan sa COVID-19 ang:

- ▶ Pagkawala ng iyong kita
- ▶ Mas kaunti ang oras ng trabaho
- ▶ Pansamantalang pagpapaalis sa trabaho
- ▶ Pag-alis sa iyong trabaho dahil nasa mataas na panganib ka na magkaroon ng COVID-19 at kailangan mong magbukod ng sarili
- ▶ Nawalan ng trabaho para manatili sa bahay para mag-alaga ng bata
- ▶ Mga naipong malaking gastos sa panahon ng COVID-19

Kwalipikado ba ang mga residente na tumanggap ng tulong kung nakatanggap sila ng tulong dati?

Oo, maaaring mag-apply ang mga kwalipikadong nangungupahan at landlord para sa tulong sa upa kahit na nakatanggap sila nito dati AT hangga't hindi sila tumatanggap ng tulong sa upa mula sa ibang mapagkukunan sa parehong saklaw ng panahon.

Ang mga aplikanteng partikular na nakatanggap dati ng tulong sa upa ng Cook County ay maaaring muling magpasertipika para makatanggap ng mga karagdagang pondo, hanggang sa maabot nila ang maximum na 18 buwan ng tulong; gayunman, 3 buwan lang ng tulong sa hinaharap ang maaaring ibayad sa isang pagkakataon. Hinihiling ng County na muling patunayan ng mga dating aplikante ang kanilang personal na impormasyon tulad ng address, kasunduan sa upa, pamantayan sa kita, at kalagayan ng pinansiyal na paghihirap sa panahon ng pandemya bago mag-apruba ng muling sertipikasyon.

Magbibigay ba ng priyoridad sa mga partikular na aplikasyon?

Oo, nakalaan ang tulong para sa mga pinakanangangailangan. Magbibigay ang Cook County ng priyoridad sa tulong sa mga sambahayang may napakababang kita o kamakailang naapektuhan ng kawalan ng trabaho na may kaugnayan sa COVID.

Tutukuyin ang pagbibigay ng priyoridad ayon sa sumusunod:

Priyoridad 1 - Nakatanggap ang mga kwalipikadong sambahayan ng abiso sa pagpapaalis

Priyoridad 2 - Mga kwalipikadong sambahayan kung saan may kahit isang miyembrong nawalan ng trabaho nang 90 araw bago mag-apply o may taunang kita ng sambahayan **na nasa o mas mababa** sa mga kinakailangang ito:



Laki ng sambahayan	1	2	3	4	5	6	7	8
Kita	\$32,650	\$37,300	\$41,950	\$46,600	\$50,350	\$54,100	\$57,800	\$61,550

Priyoridad 3 - Mga kwalipikadong sambahayan kung saan may kahit isang miyembrong nawalan ng trabaho nang 90 araw bago mag-apply o may taunang kita ng sambahayan **na nasa o mas mataas** sa mga kinakailangang ito:

Laki ng sambahayan	1	2	3	4	5	6	7	8
Kita	\$32,650	\$37,300	\$41,950	\$46,600	\$50,350	\$54,100	\$57,800	\$61,550

Priyoridad 4 - Mga kwalipikadong sambahayan kung saan nagbabayad ang isang indibidwal ng higit sa 50% ng kita sa mga pagbabayad ng upa

Priyoridad 5 - Mga kwalipikadong sambahayang itinuturing na labis ang miyembro (overcrowded)

Paano ipinapamahagi ang mga pondo?

Gagawin ang mga pagbabayad nang direkta sa mga landlord at kompanya ng utilidad. Ibabayad ang kabuuang halaga sa iisang transaksyon. Kung hindi sumasagot ang landlord sa pag-follow up mula sa mga tagasuri ng HACC pagkatapos ng tatlong pagsubok sa loob ng 14 na araw, ipapadala ang mga pondo sa nangungupahang dapat magbayad sa landlord.

Kailangan mo bang maging mamamayan ng U.S. o legal na permanenteng residente para mag-apply?

Hindi, maaari kang mag-apply anuman ang katayuan sa imigrasyon. Gayunman, dapat na nakatira ang mga aplikante sa suburb sa Cook County para mag-apply para sa programang ito.

Kung nakatira ako sa pampublikong pabahay, iba pang inuupahang komunidad na pinopondohan ng pederal na pamahalaan, o may Housing Choice Voucher ako, kwalipikado ba ako?

Oo, kwalipikado ang mga sambahayang kasalukuyang nakatira sa pampublikong pabahay o kasalukuyang nakakatanggap ng tulong at gagamitin ang tulong para masaklaw ang obligasyon sa upa ng nangungupahan.

Kung nawalan ako ng trabaho sa panahon ng pandemyang COVID-19, ngunit nakakatanggap ako ng suplementong insurance para sa kawalan ng trabaho (Unemployment Insurance, UI) o nakatanggap ako ng stimulus check, nabibilang ba ang perang ito sa aking kita?



Hindi. Hindi namin binibilang ang mga suplemento para sa kawalan ng trabaho o mga pagbabayad na stimulus sa ika- 80 percentile na maximum.

Paano kung nakatira ako sa Lungsod ng Chicago?

Hindi kwalipikado ang mga residente ng Lungsod ng Chicago para sa programang ito. Ang Lungsod ng Chicago ay may sariling programa ng tulong sa upa. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa chicookilrenthelp.org o sa <https://www.chicago.gov/city/en/sites/affordable-housing-programs/home.html>.

Mayroon bang anumang komunidad sa suburb sa Cook County na hindi kwalipikado?

Kwalipikado ang mga residente sa lahat ng munisipalidad sa suburb sa Cook County para sa programang ito. Dapat na matatagpuan ang yunit sa suburb sa Cook County.

Proseso ng Aplikasyon/Kinakailangang Dokumento

Ano ang maaaring gawin ko para maghanda sa pag-apply?

- **Alamin kung kwalipikado ang iyong sambahayan para sa tulong** sa pamamagitan ng pagtingin sa seksiyong “Sino ang kwalipikadong tumanggap ng tulong?” ng mga FAQ at pagtiyak na sumagot ka ng oo sa bawat bullet point
- **Tiyaking mayroon ka ng pangalan, email, at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng iyong landlord** – kakailanganin naming makipag-ugnayan sa iyong landlord para makumpleto ang ilang bahagi ng aplikasyon
- Tiyaking ibibigay mo sa iyong landlord ang iyong tamang impormasyon sa pakikipag-ugnayan, kabilang ang email address - ginagamit ang mga email address para i-link ang mga aplikasyon.
- **I-download ang PDF ng Checklist ng Dokumento** at tiyaking mayroon ka ng lahat ng kinakailangang dokumentasyon para sa iyong aplikasyon
- **Magsimula ng listahan ng kung sinong nakatira sa iyong sambahayan** - Kakailanganin mong magbigay ng impormasyon tungkol sa bawat nasa hustong gulang at batang nakatira sa iyong sambahayan. Para sa bawat nasa hustong gulang, kakailanganin mong magbigay ng impormasyon ng kita.
- **Magtakda ng paalala para mag-apply** kapag bukas na ang pagtanggap ng mga aplikasyon sa Oktubre 4, 2021

Paano ako mag-a-apply para sa tulong?

- **Pagsama-samahin lahat ng kinakailangang dokumentasyon** para sa aplikasyon
- **Kumumpleto ng aplikasyon** online sa cookcountyil.gov/recovery O tumawag sa isang kinatawan ng sentro ng tulong sa 833-221-9821 para mag-apply sa



pamamagitan ng telepono. Nag-aalok ang walang bayad na numero ng access sa tulong sa maraming wika.

Paano ko makikita ang status ng aking aplikasyon?

Pagkatapos mag-apply, maaari mong subaybayan ang status ng iyong aplikasyon sa pamamagitan ng online na dashboard o sa pamamagitan ng pagtawag sa 833-221-9821 para makipag-usap sa aming sentro ng tulong. Aabisuhan ka kung kailangan namin ng higit pang impormasyon para makumpleto ang iyong aplikasyon.



Paano ako aabisuhan kung napili ako?

Ipapaabot ang lahat ng abiso sa pamamagitan ng email. Pakitingnan ang iyong email para sa mga update at hinihiling na impormasyon para maiwasan ang mga pagkaantala sa pagproseso.

Kung sisimulan ko ang aking pag-apply sa palugit na panahon para sa aplikasyon, maaari ko ba itong tapusin pagkatapos magsara ng palugit na panahon para sa aplikasyon?

Dapat kumpletuhin at isumite ang aplikasyon bago lumipas ang Biyernes, Oktubre 29, para maisaalang-alang para sa pagpopondo. Walang maaaring magsumite pagkalipas ng Biyernes, Oktubre 29, kahit na nakapagsimula na sila ng aplikasyon bago ang huling araw.

Anong mga dokumento ang kailangan ko para mag-apply?

Bilang bahagi ng aplikasyon sa programa, kakailanganin ng lahat ng nangungupahan na isumite ang sumusunod na dokumentasyon para kumpirmahin ang kwalipikasyon.

Pakitandaan:

- Available ang tulong sa mga sambahayan anuman ang katayuan ng pagkamamamayan o katayuan sa imigrasyon. Hindi kinakailangan ang Social Security Number.
- Hindi kakailanganing magsumite ng dokumentasyon ng kita ng mga residenteng nakatira sa mga komunidad na tumutugon sa mga partikular na pamantayan sa antas ng kita.

Isinumite Ng	Kategorya	Sumusuportang Dokumentasyon
Nangungupahan	Katibayan ng Pagkakakilanlan	<ul style="list-style-type: none"> • ID na may litrato na mula sa gobyerno tulad ng lisensiya sa pagmamaneho, ID card, o pasaporte. *Hindi kinakailangan ang Social Security card, ngunit maaari itong gamitin bilang katibayan ng pagkakakilanlan



	<p>Kumpirmasyon ng Obligasyon sa Upa o Utilidad</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Kasunduan sa upa/dokumento ng pangungupahan, at/o • Singil sa utilidad - sa parehong address at nakapangalan sa nasa hustong gulang na miyembro ng sambahayan
	<p>Kita sa 2020-2021</p>	<ul style="list-style-type: none"> • W-2 o mga pag-file ng buwis, o • Mga benepisyong para sa kawalan ng trabaho, o • Dalawa o higit pang pay stub o bank statement • Pagpapatunay mula sa iyong employer, o • Liham ng kapasiyahan mula sa ahensiya ng gobyerno na naberipika ang kita ng sambahayan ng aplikante
	<p>Paghihirap na May Kaugnayan sa COVID-19</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Claim ng kawalan ng trabaho na may petsa na pagkatapos ng Marso 13, 2021, o • Abiso mula sa iyong employer na may letterhead ng kompanya na nagsasaad na tinanggal ka sa trabaho o pansamantala kang tinanggal sa trabaho, o binawasan ang mga oras ng trabaho mo, o • Mga kopya ng mga singil sa medikal na gastos, gastusin sa pangangalaga ng bata, o iba pang malaking gastos na naipon ng sambahayan simula noong Marso 13, 2020, o • Dokumentasyong nagpapakita na hindi ka nakatanggap ng sustento para sa anak o asawa sa panahon ng pandemyang COVID-19, o • Kung self-employed (may sariling trabaho) ka: Mga pay stub o bank statement na nagpapakita ng bumabang kita pagkatapos ng Marso 1, 2020

	Pagpapakita ng Panganib ng Kawalan ng Tiyak na Pabahay	<ul style="list-style-type: none"> • Abiso sa pagpapaalis • Utilidad na lampas na sa takdang petsa na dapat bayaran, abiso sa upa, o abiso na ipinasara ang gusali • Katibayan na ang isang indibidwal sa loob ng sambahayan ay nanganganib na mawalan ng tirahan o mawalan ng tiyak na pabahay
Landlord	Katibayan ng Pagkakakilanlan	<ul style="list-style-type: none"> • ID na may litrato na mula sa gobyerno, at • Social security card, liham ng EIN ng IRS, o cover page ng tax return (ulat ng buwis) ng korporasyon, at
	Kumpirmasyon ng Pagmamay-ari ng Paninirahan	<ul style="list-style-type: none"> • Deed (titulo), o • Policy ng insurance sa titulo, o • Mortgage statement (pahayag ng sangla)
	Impormasyon ng Pagbabayad	<ul style="list-style-type: none"> • W-9, at • Impormasyon ng direktang deposito
	Impormasyon ng Nangungupahan	<ul style="list-style-type: none"> • Ledger ng nangungupahan, o • Kopya ng dokumento ng pangungupahan (kung hindi ibinigay ng nangungupahan)

Ano ang mangyayari pagkatapos kong makumpleto ang aking bahagi ng aplikasyon?

Tatanggap ang iyong landlord ng email na may mga tagubilin para makumpleto ang kanilang bahagi ng aplikasyon. Hindi ituturing na kumpleto ang isang aplikasyon hangga't hindi pa ninyo parehong naisusumite ng iyong landlord ang mga aplikasyon.

Paano kung hindi ko kailangan ng tulong sa upa o utilidad, ngunit mayroon akong ibang pangangailangan sa tulong na may kaugnayan sa pabahay?

Bukod sa upa at mga utilidad, kinikilala ng Cook County na maaaring nakakaranas ang ilang residente ng ibang gastos sa pabahay o maaaring nasa proseso ng paglipat. Maaaring kwalipikado rin ang mga residente na makatanggap ng tulong para masaklaw ang ilang partikular na babayaran kasama ang:

- Mga gastusin sa relokasyon



- Mga panseguridad na deposito
- Mga bayad para sa pagpapahintulot sa alagang-hayop
- Mga natatanging kasunduan sa pangungupahan
- Mga bayad sa pagproseso
- Mga pansamantalang solusyon sa pabahay tulad ng mga pananatili sa hotel

Kapag nagsusumite ng aplikasyon, magbigay ng katibayan ng bagong dokumento ng pangungupahan o ibang pangangailangan bilang bahagi ng dokumentasyon ng iyong aplikasyon.

Paano kung hindi ako makakapagbigay ng ilang kinakailangang dokumentasyon?

Sa ilang sitwasyon kung saan hindi makakapagbigay ang isang aplikante ng kinakailangang dokumentasyon ayon sa nakalista sa itaas, maaaring humiling ang Cook County ng alternatibong dokumentasyon para suportahan ang aplikasyon o maaari itong tumanggap ng nakasulat na pagpapatunay mula sa aplikante sa halip na ang kinakailangang dokumentasyon. Kasama sa sumusunod ang mga sitwasyon kung saan tatanggapin ng Cook County ang mga nakasulat na pagpapatunay:

- **Kumpirmasyon ng Kawalan ng Trabaho:** Kung hindi makakapagsunite ang isang nangungupahang aplikante ng dokumentasyon para patunayang kwalipikado siya para sa mga benepisyo para sa kawalan ng trabaho, maaaring pumirma at magsumite ang aplikante ng nakasulat na pagpapatunay.
- **Kumpirmasyon ng Kita:**
 - Kung hindi makakapagsunite ang isang nangungupahang aplikante ng dokumentasyon para patunayang nakaranas siya ng pagbaba ng kita ng sambahayan, nagkaroon ng malalaking gastos, o nakaranas ng ibang pinansiyal na paghihirap sa panahon ng paglaganap ng COVID-19, maaaring pumirma at magsumite ang aplikante ng nakasulat na pagpapatunay.
 - Kung nakatira ang isang nangungupahan sa isang lokasyong nakahanay sa mga pamalit na partikular sa totoong impormasyon (fact-specific proxy) na ginagamit sa ERA 2 na binabatay sa heograpiya ang mga antas ng Median na Kita sa Lugar (Area Median Income, AMI) kung saan malamang na matutugunan ng mga residente ang mga kinakailangan sa kwalipikasyon ng kita, hihiling ng nakasulat na pagpapatunay at magiging sapat na ito. Gagamit ng mga tool sa senso para gumawa ng mga pamalit na pagtukoy na batay sa heograpiya at makakatulong ang mga ito na matukoy kung nangangailangan ang isang aplikante ng higit pang katibayan at dokumentasyon.
- **Kumpirmasyon ng Panganib na Makaranas ng Kawalan ng Tirahan o Nakakaranas ng Kawalan ng Tirahan:** Para matukoy kung nakatira ang isang

aplikante sa mga hindi ligtas o hindi malusog na kondisyon ng pamumuhay o nanganganib na mawalan ng tirahan o mawalan ng tiyak na pabahay, mas mainam na magbigay ang aplikante ng dokumentasyon para suportahan ang pagtukoy. Maaaring kasama, nang walang limitasyon, sa mga sumusuportang dokumentasyon ang abiso sa utilidad o upa na lampas na sa takdang petsa na dapat bayaran, abiso ng pagpapaalis, o opisyal na abiso na ipinasara ang isang gusali. Sa mga kaso kung saan hindi makakapagbigay ng dokumentasyong nagkukumpirmang nanganganib ang isang aplikante na makaranas ng kawalan ng tirahan o kawalan ng tiyak na pabahay, hihilingin ng Cook County sa mga aplikante na magbigay ng nakasulat na paglalarawan ng mga kondisyon o panganib na nararanasan nila at patunayan ang mga kondisyon o panganib na iyon.

- **Pagdoble ng Mga Benepisyo:** Dapat patunayan ng aplikante:
 - Kung ang naturang aplikante o sinumang indibidwal na nakatira sa sambahayan ay nakatanggap ng anumang pampubliko o pribadong pondo, gawad, piskal na insentibo, o anumang salaping benepisyo, economic relief (tulong sa pagpapagaan ng ekonomikong paghihirap), o mga halaga sa ilalim ng anumang iba pang programa ng tulong sa upa o ibang Pederal na programa (lahat ng naunang binanggit ay sama-samang tutukuyin bilang “Ibang Tulong sa Upa”) at, kung naaangkop,
 - Na ang mga halagang hiningi at natanggap ng aplikante sa ilalim ng Programa ng ERA ay hindi gagamitin sa parehong gastos o layunin para sa anumang Ibang Tulong sa Lupa na natanggap ng naturang aplikante. Kung nagkaroon ng pagdoble ng mga benepisyo, hahabulin ang mga pondong ito, at maaaring magpatupad ng mga posibleng pamparusang hakbang para pigilang makakuha ang lumabag ng tulong sa hinaharap.

Maaari bang mag-apply ang mga residente para sa parehong tulong sa upa at mga utilidad?

Maaaring mag-apply ang mga sambahayan para sa tulong sa upa at utilidad, sa upa lang, o sa utilidad lang.

Garantisado bang makakatanggap ng tulong ang mga residente?

Sa kasamaang-palad, limitado ang pagpopondo. Inaasahan naming makakatanggap kami ng maraming aplikante kaya hindi garantisado ang tulong.

Maaari ba akong mag-apply kung nag-expire na ang aking dokumento ng pangungupahan?

Oo, dapat na i-upload ang nag-expire na dokumento ng pangungupahan kasama ang aplikasyon. Susuriin ng Awtoridad sa Pabahay ng Cook County (Housing Authority of



Cook County o HACC, na nangangasiwa sa portal ng aplikasyon) ang aplikasyon para matiyak na nakatira ka pa rin sa address na ito.

Kung kailangan ko ng tulong sa pag-apply, kanino ako makikipag-ugnayan?

Para sa tulong sa iyong aplikasyon at mga serbisyo sa pagsasaling-wika, mangyaring makikipag-ugnayan sa linya ng tulong ng Programang Pang-emergency na Tulong sa Upa ng Cook County sa 833-221-9821.

Kailangan bang mayroon ako ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng aking landlord kapag nag-a-apply ako?

Oo, dapat mayroon ka ng pangalan, numero ng telepono AT email address ng iyong landlord sa yugto ng aplikasyon.

Kung kailangan kong magbayad ng parehong upa na lampas na sa petsa na dapat bayaran at ilang paunang bayad sa upa, paano ko iyon tutukuyin?

Hindi inilalagay sa aplikasyon ang pangangailangan para sa paunang bayad sa upa. Batay sa AMI at katayuan ng trabaho, tutukuyin ng miyembro ng tauhan ng HACC na nagsusuri sa iyong aplikasyon kung babayaran ang upa sa hinaharap.

Anong petsa ang dapat gamitin para sa petsa ng simula ng pangungupahan; ang inisyal na petsa ng pangungupahan o ang petsa ng huling pag-renew?

Dapat gamitin ang petsa ng huling pag-renew.

Ano ang dapat gamitin para sa pagberipika ng trabaho kung nag-work for cash (kita sa trabaho na hindi nagbayad ng buwis) ako bago ang pandemya?

Dapat magbigay ka ng nakasulat na liham mula sa dating employer na nagsasaad sa pagbabago sa kita sa panahon ng pandemya. Maaari kang gumagamit ng mga bank statement para beripikahin ang kita o ipakita ang pagbaba sa mga deposito.

Nangungupahan ako at nag-apply ako para sa tulong. Ano ang mangyayari kung hindi nakikipagtulungan ang aking landlord sa aplikasyon ko?

Gagawa ang HACC ng dalawang pagsubok na makikipag-ugnayan sa iyong landlord para sa pagkumpleto sa loob ng 7 araw na panahon pagkatapos italaga ang kaso para sa pagsusuri. Kung hindi tumutugon ang landlord, magpapatuloy ang HACC sa pagproseso sa aplikasyon ng nangungupahan para sa pagbabayad sa iyo. Dapat gamitin lang sa upa ang pagpopondo.

Mga Karagdagang Tanong

Ano ang gagawin ko kung pinapaalis ako?

Kung hinihiling sa iyong pumunta sa korte ng pagpapaalis, magkakaroon ka ng oportunidad para maikonekta sa isa sa aming mga miyembro ng tauhan para malaman



pa ang tungkol sa pag-apply para sa tulong at manatili sa iyong tirahan. Kakailanganin mong mag-apply agad para maisaalang-alang para sa pagpopondo.

Kung nagsumite ako ng aplikasyon ngunit maling impormasyon para sa aking landlord ang nailagay ko, paano ako maaaring gumawa ng mga pagtatama?

Mangyaring magpadala ng email sa CookCountyERA@thehacc.org para sa anumang isyu. Mangyaring isama ang iyong numero ng kaso sa email. Susuriin ito ng HACC at gagawa ng mga pagsasaayos ayon sa kinakailangan.

May-ari ako ng tirahan, hindi nangungupahan. Kwalipikado ba ako para sa tulong sa mortgage (sangla)?

Hindi, ang mga nangungupahan lang na nakatira sa suburb sa Cook County ang maaaring mag-apply. Dapat pumunta ang mga may-ari ng tirahan sa Cook County sa www.findhelp.org at <https://covid.citybureau.org/en/> para makahanap ng mga madudulugan ng tulong sa mortgage.

Paano kung miyembro ng pamilya ang aking landlord?

Kwalipikado ka pa rin para sa tulong, ngunit dapat nakatira siya sa hiwalay na street address o sa hiwalay na yunit kung matatagpuan sa parehong address.